

Panlasang Caviteño tampok sa TIKME Ahoy sa Bacoor!

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*
Larawan mula kay Henry A. de Leon, *DOST-STII*

Tila isang malaking piging ang naganap nang magtipon-tipon ang 31 na firm o enterprises bilang eksibitor sa katatapos lamang na Teknolohiya at Inobasyon Kaagapay ng Micro Enterprises o TIKME Ahoy sa Bacoor! noong ika-30 ng Setyembre hanggang ika-2 ng Oktubre 2019 sa activity area ng Main Square Mall, Molino Boulevard, Bacoor City.

Tampok dito ang mga pagkain at iba pang handicrafts na pambato ng Cavite partikular na ng mga maliit na negosyante na natulungan ng Department of Science and Technology (DOST) at ng pamahalaang lungsod ng Bacoor na siyang napiling host-city ng kauna-unahang provincial S&T fair na idinaos ng DOST-Cavite. Labinlima sa kanila ay natulungan ng local government unit ng Bacoor habang ang labing-anim ay natulungan naman ng DOST sa pamamagitan ng Small Enterprises Technology Upgrading Program o SETUP at ng Grants-in-Aids o GIA Program.

Paliwanag ni DOST Undersecretary for Regional Operations Brenda L. Nazareth-Manzano, ang TIKME ay hindi lang isang acronym kundi isa ring termino mula sa probinsya ng Batangas na nangangahulugan ng tikman.

"Aptly so, nag-umpisa po ito sa Lipa, Batangas at nakita natin na talagang very successful kaya isinagawa ito sa bawat probinsya ng CALABARZON," dagdag pa niya.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Sustainable development tampok sa selebrasyon ng S&T sa Calabarzon.....	p3
Pagsasanay sa pagsulat tungkol sa siyensya isinagawa ng DOST sa Agusan del Sur.....	p4
LarawaNews.....	p4

Mga testing laboratory ng DOST susi sa pag-unlad ng mga lokal na MSMEs

Ni Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*



Pinangunahan nina DOST Assistant Secretary for International Cooperation Leah J. Buendia (kaliwa), DOST-TAPI Director Edgar I. Garcia (ikalawa mula sa kaliwa), DOST-ITDI Deputy Director for Administrative and Technical Services Diana L. Ignacio (ikaapat mula sa kaliwa), DOST-ITDI Director Annabelle V. Briones (ikalima mula kaliwa), at ni DOST-Science and Technology Information Institute Director Richard P. Burgos (ikalima mula kanan) ang paglulunsad ng #SPICESToDOSTLabS noong ika-6 ng Setyembre 2019 sa ADMATEL Building. (*Larawan mula sa DOST-TAPI*)

Inilunsad kamakailan ang isang programa na tutulong upang mas palakasín ang pagpapakilala sa publiko ng mga testing laboratory ng Department of Science and Technology (DOST).

Tinatawag na #SpicestoDOSTLabS o Strategic Promotion through Integrating Collaboration and Engagement of Small and Medium Enterprises to Support the Technology Transfer and Commercialization of DOST-Developed Technologies including Testing Laboratories and Services, layunin nito na tulungan ang mga micro, small, and medium enterprises o MSMEs at mga mananaliksik na maging pamilyar sa mga testing laboratory at serbisyo ng DOST.

Magkatuwang ang DOST-Technology Application and Promotions Institute (TAPI) at DOST-Industrial Technology Development (ITDI) sa pagbuo ng nasabing programa. Pormal na ipinakilala ang #SpicestoDOSTLabS sa publiko noong ika-6 ng Setyembre 2019 sa ADMATEL Building sa Bicutan, Taguig City.

Sa nasabing programa, magkakaroon ng mga serye ng pagbisita sa mga testing laboratory ng DOST ang mga MSMEs at kliyente ng ahensya upang magkaroon sila ng oryentasyon at konsultasyon sa mga eksperto.

Naniniwala si Dr. Annabelle V. Briones, tumatayang director ng DOST-ITDI, na ang nasabing programa ay nagpapakita lamang

sundan sa pahina 2



Iginawad ng DOST-CALABARZON, sa pangunguna ni DOST Usec. Brenda L. Nazareth-Manzano ang sertipiko ng pagkilala kay Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla para sa taos-pusong suporta na ipinaabot ng LGU Bacoor sa katatapos lang na TIKME Ahoy sa Bacoor! Kasama rin sa larawan sina (mula kaliwa): Bacoor City Livelihood Office Head Carmelita Fabian-Gawaran, Irene Bencito, Alda Lou Cabrera, PSTC Cavite Director Engr. Raul D. Castañeda, Usec. Nazareth-Manzano, Bacoor City Mayor Revilla, DOST CALABARZON Assistant Regional Director Dr. Lydia S. Manguiat, at Bacoor City Councilor Rowena Bautista-Mendiola.

Panlasang Caviteño...

Mula sa pahina 1

Mahalagang gampanin ng MSMEs

Sinabi rin ni Usec. Manzano na mahalaga ang papel na ginagampanan ng micro, small, and medium enterprises o MSMEs sa pagpapalago ng ekonomiya ng bansa.

“They are considered as the lifeblood of the PH economy because they comprise the majority of the businesses in the country. Ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority noong 2017, 99.56% ng mga businesses sa bansa ay MSMEs. Malaki rin ang nai-contribute ng MSMEs sa ating gross domestic product o GDP and exports revenue ng bansa, habang 62.9% ng empleyo ay galing sa MSMEs,” aniya.

Ibinalita rin ni Usec. Manzano ang iba pang programa ng DOST na tumutugon sa pangangailangan ng mga MSME.

“We would like you to know that we provide a wide array of interventions to help MSMEs plan out the competitiveness. We want to improve the productivity through innovation and technological interventions. Tinutulungan din natin silang mag-acquire ng mga makabagong kagamitan nang sa gayon ay mas lalong maging efficient o mabilis ang kanilang mga proseso. Nagbibigay din tayo ng mga training at consultancy services. Meron din tayong laboratory services and other trainings like food safety and even sa packaging,” ani Usec. Manzano.

Dagdag pa niya, layunin ng DOST na tulungang maging competitive ang mga maliliit

na negosyo upang hindi sila mapag-iwanan ng iba pang MSMEs sa loob at labas ng bansa.

Nagpaabot naman ng pasasalamat ang mayor ng lungsod ng Bacoor na si Mayor Lani Mercado-Revilla.

“I would like to thank DOST for choosing Bacoor City as the venue of this event. Tamang-tama po ang TIKME sa paggunita natin ng 348th Founding Anniversary ng Bacoor City. We look forward na makasama pa namin kayo sa marami pang pagdiriwang sa lungsod ng Bacoor,” aniya.

Pinuri rin ng butihing mayor ng Bacoor ang mga Pilipino sa pagiging mahusay “lalo na sa ating mga produkto.”

Dumalo rin sa pagtitipon sina DOST-CALABARZON Assistant Regional Director Dr. Lydia S. Manguiat, Provincial Science and Technology Center (PSTC) Directors na sina Engr. Raul D. Castañeda ng PSTC-Cavite, Felina C. Malabanan ng PSTC-Batangas, Engr. Samuel L. Caperiña ng PSTC-Laguna, at Fernando E. Ablaza ng PSTC-Rizal. Kasama rin sa pagdiriwang sina Irene Bencito bilang kinatawan ni Cavite Governor Jonvic Remulla, Alda Lou Cabrera mula sa opisina ni 2nd District Cong. Strike Revilla, City Councilor Rowena Bautista-Mendiola, at head ng Bacoor City Livelihood Office na si Carmelita Fabian-Gawaran.

Ayon sa ulat ng DOST Cavite, nakapagtala ng P48,000 na kita ang TIKME Ahoy sa Bacoor! sa unang araw ng pagtatanghal nito.



Sina DOST Usec. Brenda L. Nazareth-Manzano at Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla habang nag-iikot sa mga stall sa pagbubukas ng TIKME Ahoy sa Bacoor! na ginanap noong ika-30 ng Setyembre 2019 sa Main Square Mall, Molino Blvd., Bacoor City, Cavite.

Mga testing...

Mula sa pahina 1

na kaisa ang DOST ng mga siyentipiko at negosyante sa paghahanap nang naangkop na solusyon sa iba't ibang suliranin ng kani-kanilang mga industriya.

Samantala, para kay Engr. Edgar I. Garcia, direktor ng DOST-TAPI, malaki ang papel na gagampanan ng #SpicestoDOSTLabS upang siguraduhing mataas ang mga kalidad na ibinebenta ng ating mga MSMEs sa merkado.

Ayon kay Dr. Briones, isa sa mga unang posibleng bisitahin ng mga MSMEs ay ang Advanced Device and Materials Testing Laboratory o ADMATEL ng DOST.

Ang ADMATEL ay isang testing laboratory na nagbibigay ng serbisyo sa mga kumpanya na kabilang sa industriya ng semi-conductor at electronics.

Ilan sa mga nakalinya na bibisitahing mga testing laboratory ay ang sa Philippine Textile Research Institute sa ika-28 ng Oktubre at ang DOST-Food and Nutrition Research Institute bago matapos ang taon. Nakatakda rin ang pagbisita sa DOST-Forest Products and Research Development Institute at Metals Industry Research and Development Center sa buwan ng Marso sa susunod na taon. *(Impormasyon mula kay Jund Rian A. Doringo, DOST- TAPI)*

Sustainable development tampok sa selebrasyon ng S&T sa Calabarzon

Ni David Matthew C. Gopilan, *DOST-STII*

Mga makabagong solusyon na may sustainable impact ang bida nang ipinakita ng Department of Science and Technology (DOST) Region IV-A ang mga pinakahuling S&T initiative sa iba't ibang sektor ng lipunan at industriya.

Hatid ang temang "Science for the People: Enabling Technologies for Sustainable Development," pinasinayaan ng DOST-IV A, sa pangunguna ni DOST-IV A Regional Director Alexander R. Madrigal ang pagdiriwang ng Regional Science and Technology Week (RSTW) sa Santa Rosa Multi-purpose Complex, Santa Rosa City, Laguna, mula ika-25 hanggang ika-27 ng Setyembre 2019.

Ibinungod ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña ang mga proyekto sa research and development at mga makabagong solusyon na sinuportahan ng DOST sa larangan ng micro, small, and medium-scale enterprises; food production at food safety; disaster risk reduction; governance; education; S&T media; electronics; at mass transportation.

Kagaya ng ibang selebrasyon ng RSTW sa iba pang panig ng bansa, ang mga exhibit ay pinagsama-sama nang naaayon sa piling United Nations Sustainable Development Goals (SDGs). Biodiversity; disaster resilience; education; global partnership; health; resource security; rural development; at sustainable



Sina DOST Sec. Fortunato T. de la Peña, Santa Rosa City Mayor Arlene B. Arcillas, at DOST Region IV-A Director Alexander R. Madrigal habang tinitignan ang mga exhibit sa 2019 RSTW Calabarzon sa Santa Rosa Multi-purpose Complex, Santa Rosa City, Laguna. (Larawan mula kay Gerardo G. Palad, DOST-STII)

communities ang mga tampok na SDGs sa nabanggit na pagdiriwang.

Hinikayat ni Sec. de la Peña ang mga stakeholder mula sa sektor ng industriya na labis nang mapakinabangan ang mga innovation na dala ng DOST upang makamit ang SDGs. "Iniimbitahan ko po ang lahat na pasyalan ang [aming] mga pasilidad, whether they are the ones in the region or in the central offices. We have upgraded facilities that they can use," ani Sec. de la Peña.

Tampok din sa selebrasyon ang pagpapasinaya ng 21st Century Learning Environment Model o CLEM sa Los Baños Senior High School sa Los Baños, Laguna.

Sa pamamagitan ng modernong silid-aralan na ito, layon ng DOST-IV A na maghandog ng isang makabuluhang karanasan na makatutulong sa pagtuturo at pagkatuto ng 21st-century skills o ang tinaguriang "4Cs" (Collaboration, Critical Thinking, Communication, at Creativity). Ang CLEM ay isang pinagsamang proyekto ng DOST-Science Education Institute at DOST-Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development kasama ang Laguna Division Office ng Department of Education.

Pinuri naman ni Sec. de la Peña ang nasabing proyekto na nagpapamalas ng pagtutulungan ng national government agencies at mga pamahalaang lokal na ayon sa kanya ay susi upang matulungang maiangat ang mga Pilipino. Kanya ring inaasahan na mararating ng Pilipinas ang ika-40 ranggo sa Global Innovation Index sa darating na taon. Kasalukuyang nasa ika-54 na baitang ang bansa mula sa ika-73 na baitang noong 2018.

Kasama rin sa selebrasyon ang pagpapakilala ng Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP sa Calamba City, Laguna, isang proyektong pinangungunahan ng DOST-IV A. Layon ng mga encrusting and packaging machines na mula sa nasabing proyekto ang pagpapa-unlad ng produksyon at kita mula sa yema, pastillas, at sampalok na kendi na kung saan kilala ang nasabing lungsod.

Kasama rin sa selebrasyon ng RSTW ang forum sa mga sumusunod: 21st century learning; mga teknolohiya ng DOST-Food and Nutrition Research Institute na maaari nang mapakinabangan: intellectual property rights para sa kabataan; smart governance; paligsahan sa regional pitching at integrated circuit design; mga exhibit ng ilang ahensya ng DOST; at mga produktong ibinebenta ng ilang negosyong natulungan ng SETUP.

Dumalo rin sa selebrasyon ang dating DOST Undersecretary for S&T Services na si Dr. Carol M. Yorobe, DOST Undersecretary for Regional Operations Dr. Brenda L. Nazareth-Manzano, DOST Undersecretary for R&D Dr. Rowena Cristina L. Guevara, DOST-Technology Application and Promotion Institute Director Engr. Edgar I. Garcia, at DOST-Philippine Nuclear Research Institute Director Dr. Carlo A. Arcilla. Kasama rin ang dating DOST scholar na si Santa Rosa City Mayor Arlene B. Arcillas.

Ang lahat ng lalawigan ng Region IV A (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, at Quezon) ay kinatawan ng kani-kanilang Provincial S&T Center ng DOST. (Impormasyon mula kay Allyster A. Endozo, DOST-STII)

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

Pagsasanay sa pagsulat tungkol sa siyensya isinagawa ng DOST sa Agusan del Sur

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Bilang bahagi ng katatapos lamang na selebrasyon ng Regional Science and Technology Week sa lungsod ng Bayugan sa Agusan del Sur, isang pagsasanay sa pagsusulat tungkol sa siyensya at teknolohiya ang isinagawa ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) at DOST-Caraga noong ika-4 ng Setyembre 2019 sa Bayugan Comprehensive National High School.

Pinamagatang #ScienceJournoAko: Communicating Science in Caraga Region, layunin ng nasabing aktibidad na tulungan ang mga mag-aaral na makapagsulat nang epektibo tungkol sa iba't ibang benepisyo ng mga pag-aaral, produkto, at serbisyo na may kinalaman sa siyensya at teknolohiya.

Nagsilbing tagapagsanay ang batikan at isa sa mga kinikilalang science journalist na si Henrylito D. Tacio.

Sa kanyang presentasyon, binigyan-diin niya na malaki ang papel na ginagampanan ng mga istoryang nasusulat sa siyensya sa pagpapaunlad ng bansa, partikular sa mga kanayunan.

"Mga balita tungkol sa parating na bagyo, mga pag-aaral sa pagsasaka, mga gamot na makatutulong sa paggamot ng mga malubhang sakit, ilan lamang ito sa mga impormasyon na kinakailangan natin upang makapagdesisyon tayo nang tama at



Nakatuan sa pagsusulat ang isa sa mga mag-aaral na kasama sa #ScienceJournoAko: Communicating Science Writeshop in Caraga Region. (Larawan mula kay Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII)

naaangkop," paliwanag ni Tacio.

Pagdating naman sa pagsusulat, ipinaalala ni Tacio na dapat alamin na ang ninanais na angulo o pokus ng istorya at isipin kung kanino ito nais iparating. Sa pamamagitan nito, mas mapapadali ang pagpili ng mga kinakailangang detalye.

Dagdag pa niya, ang pagkakaroon ng magandang titulo at unang pangungusap sa artikulo, ay makatutulong nang malaki upang mas madaling maunawaan ng mambabasa ang paksa ng isang istorya.

Samantala, ibinahagi naman ni DOST-STII Director Richard P. Burgos ang iba't ibang serbisyo ng kanyang opisina, partikular sa pagbabahagi ng mahahalagang impormasyon

tungkol sa DOST. Kabilang sa ibinida niya ay ang DOSTv at STARBOOKS.

Hinikayat rin niya ang mga mag-aaral na maging katuwang ng DOST-STII sa pagpapalaganap ng mabubuting balita tungkol sa siyensya at teknolohiya.

Matapos ang mga presentasyon, inatasan ang mga kalahok na sumulat ng kani-kanilang mga artikulo at magsagawa ng panayam sa mga siyentipikong nasa exhibit area sa Bayugan Gymnasium.

Tatlumpong mag-aaral na Grade 7 mula sa 10 paaralan sa probinsya ng Agusan del Sur ang dumalo sa isinagawang pagsasanay sa pagsusulat.

LarawaNEWS



Sa lalawigan ng Ilocos Norte, ang Bakers PH ay isa sa mga benepisaryo ng Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) ng Department of Science and Technology (DOST) na nagbibigay-tulong pinansyal at teknikal sa mga micro, small, and medium enterprises. Sila ay nakatanggap ng bagong packaging equipment at nakatanggap rin ang mga empleyado ng Good Manufacturing Practices at Quality Environment Management System training mula sa DOST. Sa pamamagitan ng programa, tumaas ang produksyon ng Bakers PH at nakakapag-supply na sila ngayon sa ibang probinsya sa rehiyon. Binisita ng media at mga opisyal ng DOST Region-I ang Bakers PH noong ika-18 ng Setyembre 2019 kasabay ng selebrasyon ng Regional Science and Technology Week na ginanap sa Centennial Arena, Laoag City, Ilocos Norte. (Teksto ni Angelica Marie Paz at larawan ni Ceajay N. Valerio, DOST-STII)